

Abot-kayang pangmatagalang saklaw ng pangangalaga para sa mga manggagawa ng Washington



Ang WA Cares Fund ay isang nakukuhang benepisyo ng inilalaan upang tulungan kayo sa inyong pagtanda na ma kakayaning makapag-isa sa inyong sariling tahanan. Ang karamihan sa atin ay nanga-ngailangan ng pangmatagalang taga pag-alaga upang makatulong sa mga pang-araw-araw na aktibidad tulad ng paliligo, pagkain, paglilibot at pag-asikaso ng gamot, ngunit walang paraan upang magbayad para dito.

Hindi sakop ng Medicare at ibang insurance para sa kalusugan ng pang matagalang taga pag-alaga. Para makakuha ng benepisyo sa Medicaid, kailangang bawasan ang inyong naipong pera hangang \$2,000 upang maging kalipikado. Nagbibigay ang WA Cares ng mga kritikal na mapagkukunan ng tulong upang makapaglaan sa inyo ng mas maraming mapagpipilian sa isa sa mga pinakabulnerableng yugto ng buhay.

Paano ito gumagana

Awtomatikong magbigay ng kontribusyon



Ibigay bilang kontribusyon ang 0.58% ng inyong suweldo sa mga taon ng inyong pagtatrabaho.

Maging kalipikado para sa mga benepisyo



Mag-aplay upang maakses ang mga benepisyo kung natugunan ninyo ang mga kinakailangang kontribusyon at pangangalaga.

Gamitin ang inyong mga benepisyo



Piliin kung paano gagamitin ang inyong \$36,500 na halaga ng panghabambuhay na benepisyo (lumalago kasabay ng inflation).

Pagiging kalipikado para sa mga benepisyo

Dapat ninyong matugunan ang dalawang kinakailangan upang maakses ang mga benepisyo.

1. Kinakailangang kontribusyon

Puwede ninyong matugunan ang kinakailangang kontribusyon sa pamamagitan ng isa sa tatlong pamamaraan.

- **Permanenteng pamamaraan:** Makuha ang buong halaga ng benepisyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontribusyon sa loob ng hindi bababa sa 10 taon.*
- **Pansamantalang pamamaraan:** Makuha ang buong halaga ng benepisyo kung nakapagbigay kayo ng kontribusyong hindi bababa sa tatlo ng huling anim na taon* sa panahon ng inyong pag-aplay para sa mga benepisyo.
- **Transisyong pamamaraan:** Kung ipinanganak kayo bago ang taong 1968, makakuha ng panghabambuhay na akses na 10% ng buong halaga ng benepisyo para sa bawat taon* na nakapagbigay kayo ng kontribusyon.

*Bibilangin namin ang bawat taon sa kalendaryo na tinrabaho ninyo nang hindi bababa sa 500 oras.

2. Kinakailangang pangangalaga

Dapat naming malaman na kailangan ninyo ng tulong sa tatlo o higit pang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay at patuloy kayong mangangailangan ng tulong sa loob ng hindi bababa sa 90 araw. Ang mga aktibidad na tinatasa namin ay:

- Paliligo
- Pagkilos sa kama
- Pagpapalipat-lipat (pag-upo o pagtayo sa silya)
- Paggamit ng kubeta
- Pagkilos (paglalakad o paglilibot)
- Pagkain
- Pangangasiwa ng mga gamot

Bibilangin namin ang anumang aktibidad kung saan kailangan ninyo ng superbisyon (tulad ng pagsubaybay, tulong sa pagpila o sa pag-set up) hangang sa matupad ang kailangan gawin

Puwede kayong umalis sa estado at patuloy na makilahok upang makatanggap ng mga benepisyo kapag kailangan ninyo ng pangangalaga.

Pag-aplay para sa mga benepisyo

Para simulan ang proseso, ikaw (o ang taong tumutulong sa iyo) ay pwedeng gumawa ng account para sa mga benepisyo ng WA Cares sa pamamagitan ng pagbisita sa wacaresfund.wa.gov/apply.

Kapag nakumpirma na naming natugunan ninyo ang kinakailangang kontribusyon, mag-iiskedyul kayo ng personal na appointment upang mapag-usapan ang tungkol sa inyong kinakailangang pangangalaga. Pagkatapos, ipaalam namin sa inyo kung naaprobahan kayong gumamit ng mga benepisyo.

Bisitahin ang wacaresfund.wa.gov/benefits upang alamin ang iba pang impormasyon tungkol dito.

Paggamit ng inyong mga benepisyo

Puwede ninyong gamitin ang inyong mga benepisyo upang makatanggap ng anumang saklaw na serbisyo at suporta mula sa isang tagapagbigay-serbisyo ng WA Cares.

Upang matulungan kayong manatili sa tahanan

- Pangangalaga sa tahanan mula sa isang indibidwal na tagapagbigay-serbisyo o ahensiya ng pangangalaga sa tahanan
- Mga ebalwasyon ng kaligtasan sa tahanan
- Mga pagbabago sa tahanan
- Mga pagkaing inihahatid sa tahanan
- Transportasyon
- Pang-agapay na kagamitan at teknolohiya
- Mga sistema ng pagresponde sa personal na emergency
- Gawaing bahay at bakuran

Upang suportahan ang inyong pamilyang tagapag-alaga

- May bayad na panga-ngalaga mula sa isang mahal sa buhay, kasama na ang inyong asawa
- Panga-ngalagang pampahinga sa inyong tahanan o sa isang pasilidad
- Edukasyon at konsultasyon upang makatulong na pangasiwaan ang pangangalaga sa inyo
- Mga suporta sa dementia at pag-uugali
- Koordinasyon sa transisyon ng pangangalaga upang masuportahan kayo kapag aalis kayo sa isang pasilidad o ospital

Sa inyong komunidad

- Pampamilyang tahanan para sa nasa hustong gulang
- Mga serbisyong pang-araw para sa nasa hustong gulang

Sa isang pasilidad

- Mga serbisyo para sa may tulong na pamumuhay, kabilang na ang mga serbisyo ng pangangalaga sa memorya
- Bahay kanlungan

Maaaring hindi nakukuha ang ilang serbisyo sa buong estado.

Magtanggap kayo ng suporta

Puwede kayong tumawag mula Lunes hanggang Biyernes nang 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. (sarado sa mga pista-opisyal ng estado). Para sa pinakabagong impormasyon, bisitahin ang wacaresfund.wa.gov.



Telepono

844-CARE4WA (844-227-3492)



Mag-email o mag-chat

Bisitahin ang wacaresfund.wa.gov/contact

Para sa TTY/ TDD o Washington Relay Service, i-dial ang 711. May makukuhang tulong sa wika sa pamamagitan ng telepono o email.